# TUMANGGAP NG TULONG PINANSIYAL MULA KAY SENATOR FRANCIS TOLENTINO AT PROVINCIAL GOVERNMENT NG CAVITE










Tumanggap ang mahigit kumulang sa apat na libong piso ang mga Barangay Health Workers at Barangay Nutrition Scholars, Tumanggap ng Tulong Pinansiyal mula kay Senator Francis Tolentino at Provincial Government ng Cavite

Silang, Cavite - Tumanggap ang mahigit kumulang sa apat na libong piso ang mga barangay health workers at barangay nutrition scholars ng tulong pinansiyal ngayong araw, Hulyo 19, 2024, sa Cavite State University-Silang Campus.

Ayon kay Senator Francis Tolentino, nararapat lamang na tumanggap ng tulong pinansiyal ang mga BHW at BNS dahil sila ang mga frontliners sa barangay, kung kaya't namomonitor ng Department of Health (DOH) ang kalagayan ng kalusugan ng mga nasasakupang barangay. Aniya, "Napakalaking sakripisyo ang ibinabahagi nila upang makuha ang tamang datos dahil danas ko din yan noong ako ay mayor ng Tagaytay. Minsan, gabing-gabi na ay nasa mga sitio pa ang mga yan dahil dapat matapos ang kanilang trabaho," wika ni Tolentino.

Pinasalamatan niya ang mga dumalo sa okasyon tulad nila Governor Jonvic Remulla, Senator Tito Sotto, Agimat Partylist Representative Bryan Revilla, at Bong Revilla, na bagamat wala sa okasyon, ay lubos ang pagtulong sa mga Caviteño.

Nagpasalamat naman si Governor Jonvic Remulla sa tulong na natanggap mula kay Senator Tolentino. Aniya, "Malapit talaga sa puso ni Senator Tolentino ang mga taga-Cavite palibhasa siya ay aming kababayan at alam niya ang kakulangan ng mga BNS at BHW's bilang dating alkalde ng lungsod ng Tagaytay."
I'm

Nagbigay din ng mensahe ng pasasalamat si Senator Tito Sotto at Agimat Partylist Representative Bryan Revilla.

(Joel Cabactulan/Nelson Dimapilis)



DERETSAHAN
WEEKLY PUBLISHING
The paper that stand for real values and gives you real value for money
Vol. I - Series 01 - July 21-27, 2024

## PEZA approves more projects in H1 2024


# P1-Million bounty triggers arrest of Quiboloy's co-accused

## TURNOVER OF OFFICE CEREMONY




Pinangunahan ni Acting Provincial Director PCol Gauvin Mel Y. Unos ,PLTCol. Franco Allex M. Reglos DPDA at iba pang mga opisyales ng Laguna Police Pronvincial Office. Ang trunover of office ng bayan ng Cavinti Laguna kung saan si PMaj.Celso Jhune Talampas ang tatayo ngayon na Officer-in-Charge ng Cavinti Municipal Police Station.Habang kapalit naman nito bilang Public Information Officer si PMaj. Malayo. (Kevin Pamatmat)

## MAYAPA SENIOR CITIZENS ASSOCIATION 19TH ANNIVERSARY




Isang pagpupugay sa mga Senior Citizen ng Barangay Mayapa sa kanilang ika-19 taong Anibersaryo!

Kasama natin si Mayor Roseller "Ross" H. Rizal, Vice Mayor Angelito "Totie" Lazaro Jr., Cong. CHA Hernandez at Konsehala Dyan Del Valle Espiridion. Aming pinahahalagahan ang inyong tungkulin sa ating bayan at kami ay nagpapasalamat sa inyo, mga Lolo at Lola.

## Negosyo Center Los Baños Conducts Seminar on Food Safety In Calamba City




Los Baños, Laguna — The Small and Medium Enterprises Roving Academy is one of the Department of Trade and Industry's ongoing education initiatives created to help enterprises grow. This program aids micro, small, and medium enterprises (MSMEs) in learning how to improve their competitiveness in both domestic and foreign markets.

The Laguna Provincial Office of the Department of Trade and Industry (DTI-Laguna) in collaboration with the Calamba Manpower Development Center (CMDC) conducted Seminar on Food Safety last June 13, 2024, held at the Sectoral Affairs Conference Room in Calamba City Hall. This session was a component of a series of capacity development program offered by CLDD to its existing and potential MSMEs.

The seminar began with an opening speech from the head of CMDC, highlighting the significance of food safety in today's competitive market. Mr. Vencer Vladimir Hurtada, Business Counselor from DTI-Laguna, delivered comprehensive modules on the topic. To create a friendly atmosphere and encourage open dialogue among attendees, CMDC representatives conducted a witty ice breaker activity (TikTok showdown). This activity played a pivotal role in establishing a positive ambiance for the event, promoting active involvement and networking. Interactive sessions such as Q&A and group discussions facilitated lively interactions between speakers and participants, offering personalized advice and opportunities to share experiences.

The seminar was deemed a great success in empowering local businesses with knowledge and practices in food safety. It received overwhelmingly positive feedback from thirty (30) potential and existing MSMEs from different barangays of Calamba City, Laguna. The attendees highly appreciated the practical insights and expertise shared by the speaker. The ice breaker activity was particularly loved for creating a more interactive learning experience (VVA-Hurtada, DTI-Laguna).

## Cayetano pushes for DOLE, DBM inclusion in Education Cabinet Cluster

# Editoryal

## LABAN LANG JUAN DELA CRUZ SA MAPANGSAKOP NA MGA TSINO

Itinataas na ng bawat Pilipino ang mga karatula habang hawak hawak ang mikropono sa kanilang mga kamay. Ipinaglalaban ang teritoryong isinantabi na ng ating administrasyon. Ngunit kahit gaano pa kalakas ang tinig na umaalingawngaw sa bawat sulok ng ating bansa ay nagbibingi- bingihan na lamang ang mga tao na nakasuot pa 'man din ng barong tagalog.

Pilipino pa ba kung tawagin ang mga taong ibinibigay nang walang pakundangan ang sariling islang dapat tayo ang nakikinabang? Ilang libong taon na ang nakararaan matapos makawala ang mga Pilipino sa rehas ng kolonyalismo. Ngunit bakit hindi pa rin tayo tuluyang malaya sa posas ng pang-aabuso at panlilinlang ng mga taong nakahilata sa gintong upuan?

Hindi na mabilang ang mga butas na pangakong sinambit ng mga nagdaang administrasyon. Ang pag-asang mapapa- sa atin nang tuluyan ang West Philippine Sea ay bahagyang naglalaho at mistulang pangarap na lamang. Hindi mabigyan ng pansin at sapat na solusyon ng ating Pangulo maliban sa pagiging sunod- sunuran. Kumakalam na ang sikmura ng mangingisdang Pilipino ngunit wala pa rin nagagawa ang ating pangulo.

Mangigisdang kailangan pang makipag sagupaan sa malalaking barko para lamang mabuhay. Salat na nga sa maayos na pamumuno, karapatan, at pangkabuhayan sa sariling bansa ay hinahayaan pa ng ating gobyerno na malayang mangisda ang mga banyaga sa ating mayamang karagatan.

Hindi lang mawari kung alam ba ng ating Pangulo na ang West Philippine Sea ay pagmamay-ari ng Pilipinas at hindi ng Tsina. Sapagkat tila ba nakalimutan niya na ang karagatan ay matagal nang pormal na idineklara ng Permanent Court of Arbitration na kabilang ito sa Exclusive Economic Zone ng Pilipinas.

Ang West Philippine Sea ay matagal nang pinag- aagawan ng Pilipinas at Tsina. Ipinaglalaban ng Tsina na kasama ito sa kanilang historical rights. Subalit nagmistulang biro nang ipinakita nilang nine dash line ay sakop ang 90 porsyentong karagatan ng Pilipinas. Tahasang inaangkin ang karapatan, soberanya at yamang dagat na legal na pagmamay-ari ng Pilipina, ngunit ang gobyerno natin ay hindi maipagtanggol ang katotohanang ito. Tikom pa rin ang bibig at hindi naririnig ang iyak ng publiko. Demokrasya nga bang tunay ang ating bansa kung ang hinaing ng masa ay hindi man lang mapakinggan?

Kabilang sa kampanya ni dating President Rodrigo Duterte na tutungo siya sa pinag aagawang teritoryo bitbit ang watawat ng Pilipinas. Ipinagmalaking kanya itong iwawagayaway sa mga barko ng Tsina. Pagkatapos magwagi sa eleksyon at tuluyang maging pinuno ay nakalimutan na ng ating butihing Pangulo ang mga salitang pinalakpakan noon ng publiko.

Sa tuwing humaharap sa masa ay ginagawa na lamang biro ang mga isyung patuloy na nagpapahirap sa mga mamamayang Pilipino.

Nawa sa Bagong Pilipinas ni Pangulong Bong Bong Marcos ay matuldukan na at maangkin na nang ating bayan ang West Philippine Sea

## CAYETANO...

Senator Alan Peter Cayetano suggested the inclusion of the Department of Labor and Employment (DOLE) and the Department of Budget and Management (DBM) in the proposed creation of a new Cabinet Cluster focused on education.

Cayetano, serving as co-chairperson of the Second Congressional Commission on Education (EDCOM II), and other commissioners submitted the proposal to President Ferdinand Marcos Jr. on June 27, 2024.

This move aims to address the persistent learning crisis in the country by ensuring "strong coordination among key departments and agencies involved in education and workforce development."

Established by Republic Act 11899 in July 2022, EDCOM II is mandated to conduct a comprehensive evaluation of the Philippine education system and propose transformative policies to address ongoing challenges in education and the labor market.

The proposal underscores the need for a dedicated Cabinet Cluster to urgently tackle the learning crisis and formulate a cohesive national education and workforce development plan.

Cayetano, who also chairs the Senate Committee on Higher, Technical and Vocational Education, emphasized the importance of DOLE and DBM's inclusion in ensuring sustained operational funding and alignment with workforce development goals.

Drawing from historical precedent, EDCOM II referenced the 1991 EDCOM report, which led to significant reforms including the establishment of the Commission on Higher Education (CHED) and the Technical Education and Skills Development Authority (TESDA).

The current proposal aims to build upon these past efforts by promoting coordinated planning, monitoring educational outcomes, aligning teacher education, and meeting the evolving needs of the job market.

Dedicated to bringing about meaningful change in the Philippine education system, Cayetano and EDCOM II are hopeful that the proposal garners the necessary support. (PR)

## P1-MILLION...

In a significant development in the case involving Kingdom of Jesus Christ leader Apollo Quiboloy's co-accused, Philippine authorities credited the success of an arrest to a P1 million bounty offer. Interior Secretary Benjamin Abalos Jr. disclosed that Pauline Canada, one of the five individuals implicated alongside Quiboloy, was apprehended in Davao City following a tip-off received on July 9.

Abalos detailed that an anonymous caller alerted the Davao City police, specifically the Regional Investigation and Detective Management Division of Region 11, after spotting a woman resembling the individual depicted in a wanted poster circulated by the Philippine National Police (PNP). The caller's information proved crucial in locating and detaining Canada.

"Maski papaano ay nakatulong ang reward dito," Abalos remarked, emphasizing the effectiveness of the P1 million reward in facilitating the arrest.

Pauline Canada was subsequently presented to the public during a press conference hosted by the PNP, marking progress in the legal proceedings tied to the allegations against Quiboloy and his associates. The case has drawn widespread attention amid ongoing scrutiny of the Kingdom of Jesus Christ church and its leadership.

The arrest underscores ongoing efforts by Philippine authorities to pursue justice in high-profile cases, leveraging public cooperation through incentives like monetary rewards. As the investigation continues, authorities remain focused on ensuring accountability and addressing the allegations leveled against Quiboloy and his co-accused.

## PEZA...

MANILA — The Philippine Economic Zone Authority (PEZA) reported higher number of projects registered in the first half of the year.

From January to June, PEZA registered 120 projects, which was 18 percent higher than the 102 projects it approved in the same period in 2023.

"The approval of these projects signals robust confidence in the Philippines' business environment and economic potential," PEZA Director General Tereso Panga said in a news release.

The top five foreign sources of the investment pledges are Cayman Islands with PHP8.86 billion; followed by Japan, PHP8.02 billion; Malaysia, PHP4.53 billion; Hong Kong, PHP1.62 billion; and Singapore, PHP1.27 billion.

Fifty-seven of the newly-registered projects are in manufacturing, 32 in information technology and business process management, 13 ecozone development, nine facilities, six domestic enterprises and three logistics activities.

A big chunk of the investments are being poured in outside Metro Manila, with PHP22 billion to be invested in Calabarzon; PHP13.28 billion in Central Luzon, PHP5.47 billion in Central Visayas, and PHP1.72 billion in Soccsksargen.

The National Capital Region has a PHP1.56-billion share of the pie.

However, in terms of capital that the projects pledged to invest, the PHP45.48 billion investments is lower by 43 percent from PHP80.56 billion approvals in H1 2023.

Panga noted that despite the lower value, the projects will create more jobs.

The 120 projects are expected to add 25,259 new jobs in the labor market, 64 percent higher than the 15,424 jobs that were created from the investment pledges during the first six months of 2023.

"Furthermore, creating more jobs for Filipinos signifies the agency's proactive efforts in positioning the Philippines as a premier investment destination in Asia, aligned with the DTI (Department of Trade and Industry) agenda of promoting employment opportunities through investment growth," he said.

The additional projects are expected to boost exports by USD1.61 billion.

"Following the strategic investment generation and FDI collaboration plans of our government spearheaded by President Ferdinand R. Marcos Jr., we are positive in enhancing and strengthening our efforts even more to secure partnerships from a large number of investors in different industries for the continuous boost in the Philippines' economic growth and progress," Panga said. (PNA)

DERETSAHAN WEEKLY PUBLISHING
The paper that stand for real values and gives you real value for money

**Editorial Office**

Business Office : #025 Coastal Green St., P. F. 1 Espiritu, Bacoor City Cavite
Mobile No. -------- 09365035056
Email ad: deretsahan2024@gmail.com

**EDITORIAL BOARD**

Publisher : Nelson A. Dimapilis
Editor-In-chief : Kevin Pamatmat
Marketing Manager : Pau Dela Cruz
Ciculation Manager : Christina Mercado
Lay Out Artist : Danica Mae G. Cardiño



# 2025 BUDGET, TUTUPAD SA MGA PANGANGAILANGAN AT HANGARIN NG MGA PILIPINO - PANGANDAMAN

Ang panukalang budget para sa susunud na taon ay tutupad sa mga pangangailangan at hangarin ng mga pilipino.

Ito ay ayon na mismo kay Department of Budget and Management (DBM) Secretary Amenah "Mina" F. Pangandaman matapus maipresenta at mapa-aprub kamakailan kay Pangulong Ferdinand "Bongbong" R. Marcos Jr. ang panukalang pambansang badyet para sa fiscal year (FY) 2025 na tinatayang nasa P6.352 trilyon.

ang panukalang Fiscal Year 2025 national budget ay naglalayong ipagpatuloy ang economic at social transformation para sa isang maunlad, inklusibo, at matatag na kinabukasan sa ilalim ng bisyon ng Pangulo para sa isang Bagong Pilipinas.

Ayon kay Pangandaman, ang panukalang badyet para sa susunod na taon ay nakaangkla sa tatlong pillars ng PDP, tulad ng Pillar 1: Develop and Protektahan ang mga Kakayahan ng mga Indibidwal at Pamilya, Pillar 2: Transform Production Sectors to Generate More Quality Jobs and Competitive Products, at Pillar 3: Create isang Kapaligiran na Nakakapagpagana.

Sa kanyang presentasyon, binanggit din ng Kalihim ang ikinonsidera ang ilang mahahalagang salik para sa pag-evaluate ng FY 2025 budget, kabilang ang pagkakaroon ng fiscal space; kahandaan sa pagpapatupad ng mga programa, aktibidad, at proyekto; absorptive capacity ng mga ahensya; pagsunod sa Budget Priorities Framework at PDP 2023-2028; Public Investment Program/Three-Year Infrastructure Program; Information Systems Strategic Plan; and Program Convergence.

Ang panukalang pambansang budget para sa darating na taon ay 10.1 percent na mas mataas kaysa FY 2024 General Appropriations Act (GAA) na nagkakahalagang PhP 5.768 trilyon. Katumbas din ito ng 22.0 porsyento ng GDP, alinsunod sa natukoy sa Development Budget Coordination Committee (DBCC) meeting na ginanap noong Huwebes, ika-27 ng Hunyo 2024.

Bilang pagsunod sa mandato ng konstitusyon, patuloy na makakakuha ng pinakamalaking porsyento sa pambansang badyet ang sektor ng Edukasyon.

Sa kabilang banda, sinabi ni Pangandaman na ang sektor ng Kalusugan ay makakatanggap din ng pagtaas ng badyet upang mapalakas ang operasyon ng mga ospital ng Department of Health (DOH) sa Metro Manila, mga regiona hospital ng DOH, at iba pang health facilities.

Ang National Tax Allotment ng mga LGU at taunang block grant ng Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM) ay inaasahang magkakaroon din ng pagtaas, ayon pa sa kalihim.

Inaasahang ipiprisenta ng Pangulo ang panukalang badyet sa Kongreso sa loob ng 30 araw mula sa kanyang State of the Nation Address (SONA). Samantala, target ng Kalihim na maisumite sa Kongreso ang panukalang budget sa loob ng isang linggo mula sa SONA ng Pangulo.

Umaasa si Sec. Pangandaman, bilang chair ng Development Budget Coordination Committee, na maipagpatuloy ang patuloy na paglago ng ekonomiya ng Pilipinas upang maabot ang target economic target ng PBBM administration at makamit ang inaasam na upper middle-income status at single-digit na antas ng kahirapan pagsapit ng 2028. (Nelson Dimapilis)

# 8th Monthly Provincial Joint Anti-Bank Robbery and Cyber Crime Coordinating (JABRACCC) Meeting

ANGONO, RIZAL - Maayos na naisinagawa ang 8th Monthly Provincial Joint Anti-Bank Robbery and Cyber Crime (JABRACCC) Meeting nitong Hulyo 12 taong kasalukuyan dakong 11:00 ng umaga sa Angono Art Center Lakeside Park Brgy. San Vicente Angono, Rizal.

Personal namang dinaluhan ni PCOL Felipe B Maraggun, Provincial Director katuwang si PLTCOL Mac Arthur S Mercader, Deputy Provincial Director for Operations ang pagpresenta ng Angono Municipal Police Station sa pamumuno ni Police Lieutenant Colonel Alexy E Sonido, Officer-In-Charge Angono MPS na nagsilbing host ngayong buwan para sa nasabing aktibidad.

Dito ay inihayag ang mga gawain ng kapulisan ng Rizal upang mas mapabuti ang kapayapaan at malabanan ang mga krimen.

Gayundin ay dinaluhan ito ng ibat ibang kinatawan sa mga convenience store at iba pang financial establishments upang maipakita din ang kanilang programa at suporta sa kapulisan.

Naroon din ang local na pamahalaan ng Angono upang magbigay suporta sa hangarin ng kapulisan para sa peace and order.( Pau Dela Cruz)



Isang pinaputukan na biktima hindi media related ayon kay PLt. Col Saldivar


Naka ambang sampahan ng kasong attempted murder ang persons of interest sa pamamaril ng isang office staff noong July 15, 2024 sa barangay San Gregorio, San Pablo, Laguna.

Ayon kay PLt Col Wilhelmino Saldivar Jr, pinaputukan ang biktimang nakilala na si Marc Angelo Barrios. Dagdag pa ni Saldivar na agad silang nagsagawa ng imbestigasyon sa lugar ng pinangyarihan. Napag alaman nila ayon sa mga nakasksi na may mga pagbabanta noon pa man para sa biktima.

Base sa spot report ni Barrios sa San Pablo Police, pauwi na siya sa kanilang bahay sakay ng kanyang motorsiklo ay nakasulubong niya ang dalawang suspek sakay ng isang motorsiklo at siya ay pinaputukan.

Pinabulaanan din ni Saldivar na hindi media si Barrios ayon sa kanyang salaysay dahil siya ay isang office staff sa isang konsehal sa lungsod ng San Pablo.

Sinisiguro ni Saldivar ang ginagawang pagpapatrolya ng mga kapulisan para sa pagpapanatili ng katahimikan sa lungsod. (Joel Cabactulan/Nelson Dimapilis)




# MAYOR ROSS RIZAL BASKETBALL AND VOLLEYBALL INTER BARANGAY 2024, PORMAL NANG SINIMULAN





Pormal nang sinimulan ang Mayor Ross Rizal Basketball at Volleyball ngayong araw, Hulyo 5, 2024, na ginanap sa Jose Rizal Coliseum.

Binati ni Mayor Ross Rizal ang lahat ng kalahok sa palaro, mga city councilor, at mga bisita na dumalo sa pagbubukas ng palaro, kasama ang mga muse at mga opisyales ng lahat ng 54 barangay ng ating lungsod sa pangunguna ng ABC President na si Pio Dimapilis at SK President Rally Bustria.

Nagpakita ng suporta ang bawat barangay sa kanilang mga naggagandahang muse. Ang mga nanalo ay sina: 3rd runner up mula sa Lingga, 2nd runner up mula sa Palo Alto, at ang Grand Winner ay mula sa Prinza. (Joel Cabactulan/Nelson Dimapilis)

# Special Action Force (SAF) of the Philippine National Police held a flag raising ceremony and awarding event to recognize the exemplary service of its personnel.










In a ceremony marked by pride and honor, the Special Action Force (SAF) of the Philippine National Police held a flag raising ceremony and awarding event to recognize the exemplary service of its personnel.

The event was graced by PBGEN MARK D PESPES, Acting Director, along with the SAF command group, who awarded four distinguished personnel with the Medalya ng Papuri (PNP Commendation Medal).

The following SAF personnel were awarded for their exceptional efficiency and dedication to duty as participants during the PH-US Balikatan Exercise 39-2024 conducted from April 22, 2024, to May 10, 2024, within the Northern Luzon Command and Western Command Joint Operational Areas:

1.PMAJ RAY LEE A ACIO
2.PMAJ JOE ANTHONY C DABLIO
3.PSMS Crisanto D Imbat
4.PMsg Amante C Cabalar


PBGEN MARK D. PESPES, along with the SAF command group, commended the awardees for their outstanding contributions and dedication. Through their exemplary performance, these personnel have not only brought pride and honor to themselves but have also uplifted the prestige of the Philippine National Police as a whole.

The participation of SAF in the PH-US Balikatan Exercise 39-2024 showcased the units' commitment to excellence and capability to perform at the highest level of professional standards. Their achievements serve as an inspiration to their colleagues and the entire police force, highlighting the importance of dedication, discipline, and cooperation in achieving success.

The PNP SAF remains committed to recognizing and rewarding the hard work and dedication of its personnel, ensuring that their efforts contribute to the overall safety and security of the nation.

**Pinamunuan ni Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr. ang distribusyon ng presidential assistance para sa mga magsasaka, mangingisda, at pamilyang apektado ng El Niño para sa Batangas, Laguna, at Quezon Province noong Hulyo 11, 2024. Umabot sa PhP170 milyon ang halaga ng tulong pinansyal na sama-samang inihatid ni Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr. at ng iba't ibang ahensya. Sa kanyang mensahe, ibinahagi ni PBBM na mula 2023 hanggang 2024, halos PhP10 bilyon na ang halagang naibigay ng pamahalaan para sa mga proyektong pang-imprastraktura sa Region 4-A. (Joel Cabactuan/Nelson Dimapilis)**









**IN PHOTOS: Two new infrastructure subprojects are to be set in motion in Quezon and Laguna as the Department of Agriculture - Philippine Rural Development Project (DA-PRDP) Regional Project Advisory Board (RPAB) Calabarzon approved their funding and implementation under the DA-PRDP Scale-Up. The subprojects are a Farm-to-Market Road (FMR) in San Francisco, Quezon and a level II potable water system in Majayjay, Laguna(Kevin Pamatmat)**



# Pointer

## ANO NGA BA ANG POGO? NAKAKATULONG NGA BA ITO SA ATING BANSA?

Nagsimula ang operasyon ng Philippine Offshore Gaming Operators (POGOs) sa bansa noong 2017 makaraang bigyan ng permiso ng Philippine Amusement and Gaming Corporation (PAGCOR). Malaki raw kasi ang kikitain ng bansa at makatutulong sa “Build, Build, Build” program nang noon ay Duterte administration. Iglap, dumagsa ang mga Chinese sa bansa para maempleyo sa POGOs. Uma¬bot sa 130,000 ang mga Chinese sa bansa noong 2017.

Sa kasalukuyan, hindi makumpirma kung ilan ang kabu¬uang bilang ng mga Chinese na nasa bansa. Hindi pa nagbibigay ng datos ang Bureau of Immigration.

Ayon sa Bureau of Internal Revenue (BIR), kumita ang bansa ng P579 million noong 2018 dahil sa ibinayad na buwis at noong 2019, umabot sa P789 million. Sinasabing kumita ang bansa noong 2020 ng P7.18 bilion pero ngayong 2021, bumagsak sa P3.9 billion na lamang ang revenue collection.

Bumagsak ang koleksiyon sa POGOs sinabayan pa nang maraming krimen sangkot ang mga Chinese. Umarangkada ang kaliwa't kanang pangi¬ngidnap. Pawang mga Chinese ang kinikidnap at ang utak ay kapwa Chinese na pinatutubos nang malaking halaga ang biktima. Karamihan umano sa kinikidnap ay mga natatalo sa sugal at hindi nakaka¬bayad.

Bukod sa pangingidnap, marami ring Chinese POGO workers ang kinukulong at pinahihirapan ng sindikato. Karamihan sa na-rescue ng DILG ay mga Chinese na walang passport, o anumang papeles. Lalong tumibay ang hinala na kaya nakapasok sa bansa ang mga Chinese ay dahil sa “pastillas scam” ng mga korap sa Bureau of Immigration.

Maraming senador ang nagkakaisa na ipagbawal na ang POGO. May naghain na ng batas na nagba¬bawal sa online gambling. Hindi umano nakakatulong ang POGO sa kabuhayan ng bansa.

Nararapat nang ibawal ang POGO! Dapat na ring maisulong ng mga senador ang balak na pag-shutdown sa POGO. Walang pakinabang at nagdudulot pa ng kahihiyan sa bansa ang mga nangyayaring krimen na ang mga utak ay Chinese. Ibawal na ang POGO para magkaroon naman ng katahimikan sa bansa.

Bakit ba maraming opisyal, pati na mambabatas ang iginigiit na ibalik ang operasyon ng Philippine Offshore Gaming Operations o POGO? Dapat kung igigiit mo ang isang bagay, ito ay para sa ikabubuti ng bansa.

Ibig kong sabihin, magbubuhos ito nang malaking halaga sa kaban ng bayan na makatutulong para tustusan ang mga proyektong pambansa. Ngunit walang masabi na social cost ang Department of Finance upang bigyang-hustipikasyon ang panatili ng POGO sa bansa.

'Yun bang magkano ang gugugulin ng pamahalaan sa pagpapahintulot sa POGO operations kumpara sa benepisyo o perwisyong maidudulot nito. Nabunyag ito sa isang Senate hearing ng senate ways and means committee. Inamin ng isang finance official na wala silang datos sa social cost.

Mahirap tumukoy ng katanggap-tanggap na social coat porke ang ibinubunga ng POGO ay ang pagtaas sa crime rate tulad ng kidnapping at prostitution sa ating bansa.

Mayroon pang ulat tungkol sa paglaganap na venereal disease dahil sa mga Chinese workers sa POGO na gumagamit ng bayarang mga babae. Nakalulungkot na maging ang isang departamento ng pamahalaan ay kinakatigan ang POGO.

Dapat isipin na kahit sa China mismo ay ipinagbawal na ito dahil nakapeperwisyo sa lipunan. Kapag ang perwisyo ng isang bagay ay mas malaki kaysa maibibigay na benepisyo, ibasura iyan! Kung pakasusuriin may bahid ng kriminalidad ang POGO at hindi dapat payagan sa bansa.

Kung may mga underground operators, mayroon tayong nakatalagang law enforcement arms para tugisin at parusahan ang mga iyan.

# TINGOG MEDICAL ASSISTANCE DISTRIBUTION NI: KEVIN PAMATMAT LAGUNA







LAGUNA- Namahagi kamakailan sa 29 na mga residente na mula pa sa mga bayan ng Santa Cruz, Pila, Magdalena at Majayjay na Tulong-pinansiyal (In the Form of Guarantee Letter) ni Speaker Rep. Martin Romualdez at ng Tingog Partylist para sa kanilang pangangailangang Medikal.

Pinangunahan ito sa pamamagitan ni Mayor Vince Soriano ng Pakil Laguna. Na siyang kumakatawan bilang katuwang ng Tingog Partylist sa bahagi ng lalawigan ng Laguna.

Sa mga taga 4th District ng Laguna na nangangailangan ng Medical Assistance narito po ang inyong maaaring puntahang mga Tingog Centers:

1. Para sa mga taga Santa Cruz, Pila, Magdalena at Majayjay, maaari po kayong magtungo sa Tingog Center sa Barangay San Pablo Sur, Santa Cruz.
2. Para sa mga taga Pagsanjan, Lumban, Cavinti at Luisiana, maaari po kayong magtungo sa Tingog Center sa Barangay Maytalang, Lumban.
3. Para sa mga taga Famy, Siniloan, Mabitac at Santa Maria, maaari po kayong magtungo sa Tingog Center sa Barangay Tunhac, Famy.
4. Dahil ginagawa pa rin ang ating Tingog Center sa Barangay Isla, Pangil, ang mga taga Paete at Kalayaan ay maaari munang magtungo sa Tingog Center -Lumban habang ang mga taga Pakil at Pangil ay maaari namang magtungo sa Tingog Center-Famy. Kevin Pamatmat



# MOTOSIKLO AT BISEKLETA PATROLLER INILUNSAD NG LAGUNA PPO






Kampo Heneral Paciano Rizal – Inilunsad ng Laguna Police Pronvincial Office sa pangunguna ni PCol Gauvin Mel Y. Unos Acting Provincial Director Ang "Motorcycle at Bike Patrollers" na ginanap sa Camp BGen.Paciano Rizal Brgy.Bagumbayan Santa Cruz Laguna. Kabilang dito ang 78 Motorsiklo at 78 mga bisekleta Patrollers na mula pa sa ibat-ibang tanggapan ng kapulisan sa buong Laguna. Ang mga ito ay magiging sasakyan ng atin mga kapulisan sa pagresponde at pagpapakita ng police visibility sa ating mga langsangan na makakatuwang naman sila sa lahat pangangailangan ng ating mga mamamayan. Nagbigay naman ng mga guidelines at mensahe si PD .PCol.Unos sa para sa mga gagamit umano ng Motorsiklo at Bisekleta bilang mga tatayong patrollers . Aniya layunin nito na mapalakas ang samahan ng kapulisan at mamamayan tungo sa sa maayos,ligtas na pamayanan at progresibong Laguna PPO.(Kevin Pamatmat)

# HISTORIC BLESSING NG PARTIDO FEDERAL NG PILIPINAS LAGUNA HEADQUARTERS AT OATH TAKING NG MGA BAGONG MIYEMBRO





Pormal nang binuksan ang headquarters ng Partido Federal ng Pilipinas sa Laguna, na matatagpuan sa San Pablo, Laguna, ngayong araw, Hulyo 20, 2024.

Pinasalamatan ni Vice Governor Atty. Karen Agapay ang mga dumalo, pati na rin ang mga bagong kasapi ng partido na nanumpa. Layunin din ng pagkakaroon ng tanggapan ng partido na may mapupuntahan ang mga miyembro.

Pinasalamatan din niya sila PFP National President Governor Reynaldo Jun Tamayo Jr ng South Cotabato, Secretary General Ret General Thompson GT Lantion at Regional Chairman Eros San Juan.

Ayon kay Agapay, "As your Vice Governor, I wish to take this opportunity to thank you for the trust and experience you have been giving me for the past ten (10) years. First time po sa history ng Laguna, na may naka graduate na Vice Governor. Hindi nasangkot sa anumang kontrobersiya, korupsyon o' scandal. First time din po sa history ng Laguna, na ang ating Vice Governor ay naging Presidente ng Liga ng mga Bise Gobernador sa buong Pilipinas. Not just once, but twice". Ani Agapay.

Nagbigay din ng mensahe si Board Member Boy Zuñiga na nangangakong tutulong kay Vice Gov. Agapay na mabigyan ng pansin ang mga barangay na nasa malalayong lugar sa probinsya. Iminumungkahi din niya ang pagkakaroon ng 1 milyong budget taun-taon sa lahat ng barangay upang madagdagan ang pondo at magamit para sa pagbili ng mga gamot sa mga may sakit at makapag bigay ng tulong sa pagpapaunlad ng serbisyo sa barangay. (Joel Cabactulan/Nelson Dimapilis)



# 21 FRIENDS RESCUED (FR) NAKATANGGAP NG LIVELIHOOD SETTLEMENT GRANTS.









Infanta, Quezon - Ginanap sa himpilan ng 1st Infantry (Always First) Battalion, 2nd Infantry Division ng Philippine Army sa Brgy. Tongohin, Infanta, Quezon ang Local Peace Engagement and Awarding of Livelihood Settlement Grants sa 21 Friends Rescued sa pangunguna ni LTC NOEL B WAMIL INF (GSC) PA, punong opisyal na dinaluhan ng mga iba pang lokal na opisyal ng pamahalaan na sina Director Miramel Laxa, RSW, MPA na National Program Manager ng Sustainable Livelihood Program ng Department of Social Welfare and Development (DSWD); COL RONALD JESS ALCUDIA INF (GSC) PA MNSA, Deputy Brigade Commander, 202Bde, 2ID, PA; Atty. Erickson Luz, Program Manager, PDBBM-PMU; Mr. Manuel M. Butardo, Provincial Administrator, Quezon Province bilang kinatawan ni Governor Angelina “Helen” D.L. Tan; Kgg. Eliseo R. Ruzol Sr., Municipal Mayor, General Nakar, Quezon at Kgg. Anlo Cuento bilang kinatawan ni Kgg. Filipina Grace R. America, Municipal Mayor, Infanta, Quezon.

Sa kanyang pambungad na pananalita, sinabi ni LTC Wamil na may mas magandang buhay ang mga Friends Rescued (FR) dahil sa pagbabalik-loob sa gobyerno, sa pamamagitan ng pagtutulungan ng iba't-ibang sangay ng gobyerno ay makatutulong ito upang kahit paano ay maiangat ang buhay ng mga ito.

Pinuri at pinasalamatan ng Lokal na Pamahalaan ng Infanta sa pamamagitan ni Kgg. Cuento ang mga pagsisikap ng Philippine Army dahil sa mga inisyatibong maipairal ang kapayapaan sa pamayanan sa pamamagitan ng mga ganitong programa. Nagbigay naman ng paalala si Kgg. Ruzol na wala nang iba pang kapayapaan at katahimikan na makakamit maliban kung tayo ay nasa normal na pamumuhay kasama ng ating pamilya at nasa panig ng pamahalaan. Idinagdag pa ng punong-bayan na ang pagyakap sa kapayapaan, marapat na ito ay pangmatagalan, kumbinsido, at malinaw na ito ay pinagsusumikapan para sa susunod na saling-lahi.

Binigyang kasiguraduhan ni Atty. Luz na magtutuloy-tuloy ang programa mula sa DSWD habang ipinaabot ni Provincial Administrator Butardo ang pagbati ni Governor Tan sa mga FRs sa pagsasabing ang pagbabalik-loob sa gobyerno ang pinakamagandang desisyon na kanilang ginawa. Wala na rin aniyang dahilan upang magrebelde sapagkat gumagalaw ang justice system sa ating bansa at patuloy na naihahatid ang serbisyo ng pamahalaan kahit sa pinakamalalayong lugar kasama na ang mga pagawaing imprastraktura upang mapabilis ang pagpaparating serbisyo at lumakas ang ekonomiya o kalakalan. Malaking bagay din ang pag-iral ng kapayapaan sa Quezon dahil ito ang nagiging daan upang maglagak ang mga namumuhunan ng negosyo dito sa lalawigan.

Kinikilala naman ni COL ALCUDIA na ang mga FRs ay pawang biktima lamang ng maling ideolohiya subalit laging bukas ang gobyerno upang ang mga ito ay yakapin at tulungan na mabigyan ng pag-asa para sa kanilang hinaharap.

Samantala, sa mensahe ni Director Laxa bilang Panauhing Tagapagsalita, sinabi nito na "Peace is a choice. Peace comes from within." Kung pipiliin ang kapayapaan ay hindi na mag-aaway pa sa paniniwalang lahat tayo ay gusto ng mapayapang buhay at naghahangad ng mapayapang komunidad para sa ating mga anak. Binigyaang diin din nito na ang mga suportang matatanggap ng mga FRs mula sa pamahalaan ay isang punla at nakasalalay sa mga FR kung papaano ito aalagaan hanggang lumago at mamunga upang mas marami pa ang makinabang.

Ang nasa 21 FRs ay tumanggap ng sertipiko, cash incentives, at food packs mula sa pamahalaan na mapapakinabangan ng mga ito para sa pagtahak nila sa mas maayos na pamumuhay.

Patuloy ang pakikipag ugnayan ng 1st Infantry Battalion sa iba’t ibang ahensya at sangay ng pamahalaan upang tuloy tuloy ang ating panalo sa “whole of nation” approach at pag alalay sa ating mga FRs na makapag bagong buhay at muling pagsasama-samang maibalik sa komunidad para sa mapayapa at maunlad na pamayanan. (Pau Dela Cruz)